ANG Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LVI Blg. 19
Oktubre 7, 2025
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

Salagin ang pasismo ng korap na rehimeng Marcos!

Walang puknat ang pagdaluyong ng kilusang protesta laban sa korapsyon at burukratang kapitalismo ng rehimeng US-Marcos. Sa iba't ibang panig ng bansa, tuluy-tuloy ang mga *walkout*, rali at martsa sa mga eskwelahan, komunidad, pagawaan at upisina. Mariing ipinapahayag ng mamamayang sadlak sa hirap at pagdurusa ang kanilang abot-langit na poot sa dambuhalang pagnanakaw ng mga tiwali sa reaksyunaryong gubyerno sa bilyun-bilyong pisong pondo ng bayan.

Sa paggunita sa ika-53 anibersaryo ng batas militar ng diktadurang Marcos noong Setyembre 21, daanlibo ang bumaha sa mga lansangan ng Kamaynilaan at iba pang lungsod. Para batikusin si Marcos bilang utak sa likod ng korapsyon at maaanomalyang *flood control projects*, puo-puong libo ang nagmartsa patungo sa Mendiola. Umalingawngaw ang kanilang mga sigaw hanggang Malacañang. Sumambulat ang di na mapigilang galit ng bayan, laluna ng mga kabataan. Sinalubong sila ng brutal na panunupil ng mga bantay na pulis.

Sa direktang utos ni Marcos na supilin ang mga kabataan at mamamayang naglabas ng hinaing at nagpamalas ng galit, nanggagaaiting lumusob ang de-batuta at armadong mga pulis. Umalingawngaw ang mga putok ng baril at pagsabog ng tirgas. Binomba ng tubig at dinampot kaliwa't kanan ang mga raliyista at sinumang matyempuhan. Isang manggagawa ang tumimbuwang sa kalsada sa pamamaril ng pulis. Hindi bababa sa 277, kabilang ang ilampung menor de edad, ang ibinimbin sa iba't ibang istasyon ng pulis, at iligal na ikinulong, inabuso, tinortyur at sinampahan ng kung anu-anong kaso.

Ipinakita ni Marcos ang kanyang pasistang pangil sa tangkang sindakin ang taumbayan at pigilan ang paglaki pa ng kanilang mga kilos-protesta sa lansangan. Pinalabas ng Malacañang na ang "kaguluhan" sa Mendiola ay gawa ng "iilang pasimuno" sa tangkang pagwatak-watakin ang hanay ng mamamayan. Taliwas sa layunin ni Marcos, lalong nagkaisa ang mamamayan. Ang sigaw para sa pagpapalaya sa Mendiola 277 ay lalong nagbuklod sa iba't ibang sektor—mga estudyante, maralitang-lunsod, manggagawa, mga abugado, taong-simbahan, manggagawang pangkultura at iba pa.

Sa halip na masindak, lalong sumidhi ang nag-aalab na damdamin ng mamamayan laban sa korapsyon at mga katiwalian ng rehimeng Marcos. Sa sumunod na mga araw at linggo, dumami pang lalo ang mga estudyanteng lumabas sa kanilang mga klase at lumahok sa mga rali sa loob at labas ng kanilang mga kampus—mula sa hilaga ng Luzon hanggang sa Mindanao. Halos walang araw ang lumipas sa nagdaang mga linggo na walang kilos-protesta para ipahatid ang sigaw ng taumbayang humihingi ng katarungan at nananawagan para baguhin ang bulok na sistema.

Sa harap ng nagpapatuloy na pagdaluyong ng kilos-protesta, doble-sikap ngayon ang rehimeng Marcos na pahupain ang galit ang taumbayan sa



pamamagitan ng mga hungkag na palabas ng imbestigasyon. Subalit dahil hindi isinasapubliko ang pagsisiyasat ng tinaguriang "independyenteng komisyon," lalo lamang lumalakas ang paniniwala ng taumbayan na isa lamang itong paraan para pagtakpan ang tunay na lawak at totoong utak ng korapsyon —si Marcos mismo at pinakamalalapit niyang upisyal. Amoy na amoy ng taumbayan ang sangsang ng aregluhan ng kapwa mga kurakot para makaiwas at makatakas sa hinihinging parusa ng bayan.

Niyayanig ng dumadagundong na sigaw ng taumbayan ang buong naghaharing sistema. Umaalingasaw ang baho ng korapsyon sa buong bansa. Parami nang parami ang nalalantad na anomalya—mula sa mga *flood control project* hanggang mga tulay at *farm-to-market road*, klasrum, pati na mga gusali at pagpapaganda ng mga kampong militar, bilyun-bilyong pondong pang-intelidyens, sa programang "balik-baril" at iba pa. Lalo pa ngayong nagtuturuan ang mga pulitikong magkakaribal at magkakaalyado. Lalo ding sumisidhi ang banggaan ng pangkating Marcos at Duterte. Lublob sa lusak ng korapsyon ang Senado at Mababang Kapulungan ng Kongreso. May putik sa mukha maging ang mga nagmamalinis.

Puspusang nalalantad ang burukratang kapitalismo at ang pinag-uugatan nitong bulok na sistemang pinamamahalaanan ngayon ni Marcos—hari ng korap at numero unong pasistang terorista. Lumalakas at lumalawak ang panawagan ng karaniwang mamamayan para patalsikin at parusahan ang lahat ng korap na nagnakaw sa pondo ng bayan, sa pangunguna ni Marcos at kapwa tiwali na si Vice President Sara Duterte, at wakasan ang buong bulok na sistemang mabigat na pasanin sa taumbayan.

Habang patuloy na lumalakas ang kanilang sigaw at paglaban, dapat ibayong patatagin ng sambayanan ang kanilang hanay para salagin, labanan at biguin ang atake ng pasistang estado. Ang marahas na pagsupil ng pulis sa Mendiola ay salamin lamang ng mas malawak at sistematikong pag-abuso ng mga armadong pwersa ng reaksyunaryong estado sa mga karapatan ng taumbayan, sa kalunsuran at sa kanayunan. Upang panatilihin ang naghaharing sistema, ginagamit ni Marcos ngayon ang buong lakas ng pasistang estado. Sa ilandaang barangay sa kanayunan na nasa ilalim ng kontrol ng militar, kaliwa't kanan ang mga kaso ng pamamaslang, iligal na pagdakip, tortyur, at iba pang malulubhang paglabag sa mga karapatang-tao.

Tiyak na mabibigo ang rehimeng Marcos na pigilan ang nagpapatuloy na pagdaluyong ng kilusang protesta laban sa korapsyon. Lumalawak at lumalaki ang panlipunang pagbabangon ng mga estudyante at kabataan. Dala nila'y sigla at determinasyon sa kilusang protesta ng bayan. Sila naman ay lalong sisigla at magiging determinado kapag sila ay huhugos hindi lamang sa lansangan, kundi pati sa mga eskinita ng mga komunidad, sa mga daan patungo sa mga pagawaan, hanggang sa kasuluk-sulukang mga bahagi ng bansa.

Hamon sa mga kabataan na isanib ang kanilang hanay sa milyun-milyong manggagawa at malawak na hanay ng masang mala-proletaryado o walang hanapbuhay sa kalunsuran, at sa masang magsasaka sa kanayunan. Sa mga darating na linggo at buwan, ang naghaharing sistema ay tiyak na lalo pang yayanigin ng kilusang protesta kontra sa korapsyon at burukratang kapitalismo sa paglawak nito sa buong bansa at pagsanib ng mas malawak pang bilang ng mamamayan sa kalunsuran at kanayunan.

Dapat manatiling nasa gulugod at unahan ng demokratikong kilusang protesta ang mga organisadong pwersang pambansa-demokratiko upang tiyaking matatag, militante at tuluy-tuloy itong sumusulong. Dapat walang sawa nilang imulat ang taumbayan na ang pakikibaka laban sa korapsyon ay nakaugnay sa rebolusyonaryong pakikibaka para ibagsak ang tatlong salot ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Maisusulong ito sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan at armadong pakikibaka para wakasan ang sistemang malakolonyal at malapyudal, at itatag ang tunay na demokratikong gubyerno at malaya at progresibong lipunan. AB

ANG Bayan

Tomo LVI Blg. 19 | Oktubre 7, 2025

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

Nilalaman

Editoryal: Salagin ang pasismo ng korap na rehimeng Marcos! 1
Kumakalat ang protesta kontra korapsyon 3
Marcos: Hari ng mga burukrata-kapitalista 4
Aset sa pagpatay kay Ericson Acosta, pinarusahan 5
Alyansa kontra incinerator sa Maynila, binuo 5
2 lider ng CPI (Maoist), sadyang pinaslang 5
3, pinatay ng militar sa Visayas 6
Pagpapaliban sa eleksyong BARMM, tinutulan 6
Kaso ni Duterte sa ICC at disimpormasyon 6
Pagpasok ng GMO sa Negros, nilalabanan 7
JMS Legacy Museum, pinasinayaan 7
Marcos, numero unong peste sa magbubukid 7
Pyudal, malapyudal na pagsasamantala sa EV 8
Sa madaling salita 9
Kalayaan para sa Palestine! 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

Kumakalat ang protesta kontra korapsyon ng rehimeng Marcos

Tuluy-tuloy ang pagsiklab ng mga rali at demonstrasyon ng mga demokratikong uri at sektor sa iba't ibang panig ng bansa sa nagdaang dalawang linggo para patuloy na kundenahin ang malawakang korapsyon ng rehimeng Marcos. Tuntungan nila ang rali ng daan-daanlibong Pilipino sa Luneta Park sa Maynila at kasunod na martsa sa Mendiola.

Sa malaking protesta noong Setyembre 21, sumiklab ang komprontasyon sa Mendiola at kahabaan ng Recto. Nakuhanan sa mga bidyo ang brutal na pagsagupa ng mga pulis sa mga kabataan, paghahampas sa kanila ng batuta, pagsipa at pabalagbag na pagbitbit. Naiulat rin ang pamamaril ng mga pulis at paghagis ng tirgas.

Hindi nasindak ang mga kabataan at mamamayan sa ipinakitang bagsik at brutalidad ng armadong pwersa ng rehimeng Marcos nang marahas nitong buwagin ang protesta at komprontasyon. Hindi bababa sa 277 indibidwal, kabilang ang 91 menor de edad (9 taong gulang ang pinakabata), ang dinampot ng mga pulis.

Namatay ang manggagawa sa konstruksyon na si Eric Saber na timaan ng bala sa leeg ng nagpaputok na pulis. Galing si Saber sa kanyang trabaho sa Pasay City, bumaba sa Recto Station at patawid para sumakay ng dyip nang barilin siya mula sa likod. Nadala siya sa ospital pero namatay din noong Setyembre 23. Namatay din sa kalagitnaan ng komprontasyon ang 15-taong gulang na si Mark Chustin Serbo, kasama sa mga nagprotesta, na sinaksak ng isang 52-taong gulang na sibilyan.

Dumanas ng kalupitan sa kamay ng mga pulis ang mga inaresto at ikinulong. Kabilang sa kanila ay mga bata at kabataan, estudyante, manggagawa, mga empleyado ng BPO, at ilang pinag-initan ng pulis dahil lamang nasa lugar sila ng salpukan. Nagsimula lamang palayain ang mga inaresto noong Setyembre 25 matapos ang pinatagal at inantalang pagpuproseso ng mga pulis at husgado sa kanilang kaso. Marami ay kinailangang magpyansa para makalaya mula sa patung-patong na mga kaso.

Pinalaya rin ang mga menor-deedad na dinampot at inaresto na itinuring na sangkot sa kaguluhan kahit walang malinaw na imbestigasyon. Ang ilan sa kanila ay iniharap pa ni Manila City Mayor Isko Moreno Domagoso sa publiko at midya, labag sa karapatan ng mga bata at tamang proseso sa batas.

Nanawagan ang mga grupo sa karapatang-tao ng buo at independyenteng imbestigasyon para panagutin ang lahat ng sangkot sa karahasan. Kinundena rin nila ang "cover-up" sa mga krimen ng estado laban sa mamamayan.

Kumikilos ang bayan

Patuloy na naghuhugis ang kilusang kontra korapsyon sa porma ng mga *walkout*, mga piket-protesta na tinatawag na Black Friday Protest, at bayan-bayan na pagkilos ng mga sektor at grupo. Libu-libo ang muling nagpakitang-gilas sa Metro Manila, Isabela, Bulacan, Pampanga, Laguna, Palawan, Naga City, Davao City, Davao Oriental, at iba pang mga syudad at prubinsya.

Kasunod ng serye ng *walkout* noong unang tatlong linggo ng Setyembre, muling naitala ang makasaysayang mga *walkout* sa Far Eastern University (1,000), University of Sto. Tomas (1,500), De La Salle University-Manila at College of St. Benilde (1,500), Philippine Normal University (1,000), Isabela State University (500), DLSU-Laguna, UP Visayas (800), Ateneo de Davao University (1,000), Brokenshire College Inc. at Davao Oriental State University. Sigaw ng kabataan maging sa mga konsyerto at mga palaro: "Ikulong na yan, mga kurakot!"

Nag-*walkout* rin ang daan-daang mga guro at manggagawa sa edukasyon noong Oktubre 3 bilang pagbatikos sa korapsyon at paggunita sa World Teachers' Day.

Sa Bulacan, na itinuturing na sentro ng katiwalian sa mga proyektong *flood control*, nabubuo ang malalapad na pagkakaisa ng mamamayan laban sa korapsyon. Kumilos ang mga Bulakenyo sa 12 syudad at bayan sa prubinsya at tumitindig laban sa mga lokal at pambansang ahensya ng gubyerno na nasasangkot sa korapsyon. Nagbubuo sila ng mga grupo at alyansa.

Sinasalamin ng umiigting na mga protesta ang malalim na diskuntento ng mga Pilipino sa harap ng krisis sa ekonomya at pulitika na humahambalos sa naghaharing sistema. Manipestasyon ito ng malawakang sentimyento ng malawak na masa na nagdurusa sa korapsyon at lumulubhang mga suliranin ng malakolonyal at malapyudal na sistema. AB

Marcos: Hari ng mga tiwaling burukrata-kapitalista



Naghuhugas kamay si Ferdinand Marcos Jr sa nabubunyag na mga anomalya at korapsyon kaugnay sa mga proyektong *flood control*. Pinalalabas niyang wala siyang kinalaman sa mga ito at nagkukunwari pang interesado sa pagpapanagot ng mga magnanakaw ng pondo.

Tulad ng paggamit ng rehimeng Duterte sa "matrix" noon ng kunwa'y mga *drug lord* na pulitiko, ginagamit ni Marcos laban sa kanyang mga kakumpetisyon sa pondo ng bayan ang isang listahan ng mga pili at limitadong mga kontraktor na sangkot sa mga tiwaling proyekto. Nagtayo siya ng isang diumano'y independyenteng komisyon para magsagawa ng "imbestigasyon" pero inilayo niya ito sa mata ng publiko.

Sadyang nabunyag ang lalim at lawak ng sistemiko at sistematikong korapsyon sa lahat ng antas at sulok ng burukrasya ng estado. Nabulgar sa mga pagdinig sa Kongreso at Senado ang sabwatan ng Malacañang, mga kongresista, senador, kontraktor at upisyal ng Department of Public Works and Highways (DPWH), at maging ng Commission on Audit at mga bangko para higupin at ibulsa ang bilyun-bilyong pondo ng bayan. Naisiwalat ang pagpapalobo ng halaga ng mga proyekto, paggamit ng *substandard* na mga materyal, di pagkumpleto at pag-uulat ng di umiiral o *ghost* na mga proyekto.

Bumulaga sa publiko ang larawan ng daan-daang milyong salapi na diumano'y isinilid sa mga maleta at inihahatid sa mga bahay ni Zaldy Co, kongresistang mayhawak ng makapangyarihang komite sa *appropriations* at tauhan ni House Speaker Martin Romualdez. Naging tampok ang luho ng pamilyang Discaya at mga anak ng mga kontraktor na nakakopo ng daan-daang proyektong imprastruktura. Ibinunyag ng mga tiwaling inhinyero sa DPWH at distrito ng Bulacan kung paano harap-harapang humuhuthot ng kanilang parte ang mga senador na sina Chiz Escudero, Jinggoy Estrada at Joel Villanueva.

Anupaman ang gawin ni Marcos, hindi maitatanggi na siya ang puno't dulo ng umaalingasaw na katiwalian ng kanyang gubyerno. Ang kanyang upisina ang nangangasiwa at nangunguna sa pagbubuo at pagpipinal sa pambansang badyet na ginawang palabigasan ng mga burukrata. Sa pagbubuo pa lamang ng badyet, tinitiyak na niya ang kanyang bahagi sa anyo ng *confidential and intelligence funds*, pondo para sa Maharlika Fund at pondo para sa *unprogrammed allocations* (UA) na nagsisilbing sarili niyang *pork barrel*. Dambuhala ang pondong UA ni Marcos, mula sa makasaysayang ₱807 bilyon noong 2023, ₱731 bilyon noong 2024, at inaasahang ₱363 bilyon sa 2025.

Sa pagitan ng 2022 at 2025, naglaan si Marcos ng ₱545 bilyon para sa 9,855 proyektong pang-*flood control*. Lampas 6,000 sa mga ito ang nabunyag na palpak, pag-uulit ng dating proyekto at di kumpleto. Itinakda ang mga ito ng upisina ng pangulo at mga kalihim ng mga kagawaran sa proseso pa lamang ng pagbubuo ng National Expenditure Program. Bago isara ang pambansang badyet, naisingit ng mga kongresista at senador ang dagdag at mas malalaki pang kurakot sa maliit na grupo sa Kongreso at *bicameral committee conference* ng Kongreso at Senado. Pinirmahan ni Marcos ang mga badyet para maging batas ito.

Nitong Oktubre, isiniwalat naman sa Kongreso ni Rep. Antonio Tinio, kinatawan ng ACT Teachers Party-list, na di bababa sa 3,700 dagdag na proyekto na nagkakahalaga ng ₱214.4 bilyon ang inaprubahan ni Marcos mismo at pinondohan mula sa hawak niyang pondong UA noong 2023-2025.

Batay sa upisyal na datos ng estado mismo, inilaan ni Marcos sa DPWH ang ₱61.4 bilyon ng UA noong 2023 para sa 1,889 proyekto at ₱153 bilyon noong 2024 para sa 1,811 proyekto. Ang pinakamalaking bahagi o ₱141 bilyon ay para sa mga proyektong *flood control*, habang ang natitira ay para sa pagkumpuni ng mga kalsada at mga *multi-purpose* na gusali. Karamihan sa mga tinustusan ng pondong UA ni Marcos ay matatagpuan sa mga rehiyon ng Central Luzon at Calabarzon, at sa Cebu, mga lugar na sentro ng imbestigasyon dahil sa mga palpak at *ghost* na proyekto.

Bago nito, nabunyag na rin sa pamamagitan ng espesyal na ulat ng Philippine Center for Investigative Journalism na tumanggap si Marcos ng ₱21 milyon mula sa dalawang kontraktor bilang kontribusyon sa kanyang kandidatura noong 2022, labag sa mga tuntunin ng reaksyunaryong eleksyon. AB

Aset sa pagpatay kay Ericson Acosta, iba pa, pinarusahan ng BHB

PINATAWAN NG rebolusyonaryong kilusan ng parusa si Garde Francisco, aset paniktik ng 15th IB at mayroong patung-patong na kasong kriminal laban sa rebolusyonaryong kilusan at mga sibilyan.

Napatay siya sa pagsalakay ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Southwest Negros (Armando Sumayang Jr) sa kanyang bahay sa Sityo Lumbia, Barangay Kamansi, Kabankalan City, Negros Occidental noong Oktubre 3 ng gabi.

Imbwelto si Fransisco sa tatlong malalaking kaso ng pagpaslang sa mga sibilyan, rebolusyonaryong lider at Pulang mandirigima sa isla ng Negros.

Isa sa kanyang mga kaso ang pagtulong sa militar sa pagpatay kay Ericson Acosta, konsultant sa kapayapaan ng National Democratic Front (NDF)-Negros, at kasama niyang lider-magsasaka na si Joseph Jimenez sa Barangay Kamansi noong Nobyembre 30, 2022.

Imbwelto rin si Francisco sa pagmasaker ng mga armadong tauhan ng estado sa hindi armadong mga upisyal sa gawaing medikal ng BHB, kasama ang isang 6-buwang buntis, at isang sibilyang drayber sa Barangay Tabugon noong Setyembre 21, 2023. Sangkot rin si Francisco sa kaso ng pagkamartir ng Kabankalan 7 sa Barangay Tapi noong Abril 27.

Ayon kay Ka Andrea Guerrero, tagapagsalita ng BHB-Southwest Negros, ang armadong aksyon ay bahagi ng pagkakamit ng hustisya sa mga biktima ng pag-atake ng estado at magsisilbing paalala rin sa mga may "utang na dugo" sa rebolusyon. "Hindi malilimutan ang kasaysayan ng inyong mga krimen, at ipaglalaban ng BHB ang hustisya," aniya.

Sa Samar, unang nakapamutok ang BHB-Western Samar (Arnulfo Ortiz Command) laban sa nag-ooperasyong tropa ng 8th ID sa Sityo San Pedro, Barangay Poblacion 3, San Jose de Buan noong Setyembre 27 ng hapon. Isang sundalo ang napatay at marami ang nasugatan sa mga berdugo.

Sa Oriental Mindoro, binigo ng BHB-Mindoro (Lucio de Guzman Command) ang pag-atake ng tropa ng 203rd IBde at 2nd CMO Battalion sa pansamantalang himpilan nito sa Sityo Badyang, Barangay San Roque, Bulalacao noong Oktubre 1. Organisadong nakaganti ng putok ang hukbong bayan na nakapagdis-organisa sa kaaway dahilan para sila ay umatras.

Noong Setyembre 25, nakapagdepensa rin ang BHB-Mindoro laban sa umaatakeng pwersa ng 203rd IBde sa Sityo Barayong, Barangay Manuol, Mansalay. Tatlong sundalo ng 203rd IBde ang napatay sa labanan, habang marami pang ibang nasugatan.

Alyansa kontra *incinerator* sa Maynila, binuo

NAGTIPON NOONG SETYEMBRE 30 sa San Pablo Apostol Parish Church sa Maynila ang daan-daang residente ng Smokey Mountain at iba pang barangay ng Tondo, at mga lider-relihiyoso at maka-kalikasang grupo para itatag ang Manila Anti-Incinerator Alliance (MAIA). Ang pagtitipon, na itinaon sa paggunita sa Day of Action Against Incineration, ay may layuning labanan ang planong pagtatayo ng ₱26-bilyong *waste-to-energy* (WTE) *incinerator* sa Barangay 128, Smokey Mountain.

Ang proyekto ay isang 100 *megawatt* na WTE Incineration Plant na itinutulak ng Manila Integrated Environment Corp. (MIEC), kumpanyang kontrolado ng Philippine Ecology Systems Corp. (PHILECO) na pag-aari ng negosyanteng si Reghis Romero II. Suportado ito ng kumpanyang Japanese na Kanadevia Corporation at nakabalangkas ang pagtatayo sa malawakang Port Modernization sa kahabaan ng pantalan sa Maynila.

Kabilang ang planta sa itinuturing na mga prayoridad na proyekto ng rehimeng Marcos at lokal na gubyerno ng Maynila sa pangunguna ni Isko Moreno. Ayon sa mga eksperto, masama sa kalusugan ang ibubugang usok ng *incinerator*. Dagdag dito, higit sa 2,000 pamilya o 23,000 residente at mangangalakal ang mapalalayas sa lugar ng konstruksyon nito.

2 lider ng CPI (Maoist), sadyang pinaslang ng rehimeng Modi

DALAWANG MYEMBRO NG Komite Sentral ng Communist Party of India (Maoist) ang higit 10 araw na sikretong idinetine bago sadyang pinaslang ng armadong pwersa ng rehimeng Modi noong Setyembre 22. Pinalalabas ng rehimeng Modi na napaslang sa engkwentro ang dalawa sa Abujhmad para pagtakpan ang krimen at takasan ang pananagutan nito.

Ayon sa mga ulat, nadakip ng armadong pwersa ng India sina Kasamang Katta Ramachandra Reddy (Raju Dada) at Kasamang Kadari Satyanarayana Reddy (Kosa Dada), kapwa hindi armado, sa Raipur City sa estado ng Chhattisgarh noong Setyembre 10. Hinihinalang dinala sila sa isang sikretong lugar sa pagitan ng Setyembre 11 hanggang Setyembre 20 kung saan posible silang ipinailalim sa matinding torytur bago pinaslang. "Kasinungalingan ang engkwentro. Dapat itong batikusin ng lahat," ayon kay Vikalp, kinatawan ng Dandakaranya Special Zonal Committee.

Liban sa dalawa, naitala rin ang sadyang pagpaslang sa lima pang mga lider at myembro ng Komite Sentral at Eastern Regional Bureau ng CPI (Maoist) sa nagdaang buwan. Lahat sila ay pinalalabas rin na mga napaslang sa mga engkwentro. Pinarangalan ng partido ang lahat ng mga martir at nagbuwis ng buhay sa harap ng mabangis na Operation Kagar ng rehimeng Modi.

3, pinatay ng militar sa Visayas

Walang tigil ang paghahasik ng karahasan ng rehimeng Marcos at armadong pwersa nito laban sa mamamayan sa nagdaang mga linggo. Naitala ang dalawang kaso ng pagpatay, pamamaril at panggigipit sa mga lider-masa sa Visayas.

Noong Oktubre 5 ng gabi, pinatay ng pinagsanib na pwersang militar at pulis si Roberto Cabales at magsasakang si Matteo Suarez sa Barangay Coto, Lambunao, Iloilo. Pinalabas ng pulis at militar na nanlaban ang dalawa habang hinahainan ng mandaymento de aresto. Pinasinungalingan ng rebolusyonaryong kilusan sa Panay ang paratang na ito at sinabing di armado ang dalawa.

Sa Samar, pinatay ng 43rd IB at ng paramilitar na Dos ang magsasakang si Veronico "Tatay Birong" Anterio, 65, noong Setyembre 16 sa Barangay Carolina, Matuguinao. Pinuntirya siya dahil nagsilbi siyang boses ng paglaban sa paghaharing militar ng 43rd IB at ng grupong paramilitar na Dos sa kanilang komunidad. Matapang na humarap si Anterio sa mga pasista upang tuligsain ang mapanggipit na hakbanging ipinataw sa Barangay Carolina na kinakampuhan ng 43rd IB.

Pamamaril. Walang patumanggang namaril ang mga gwardya at pribadong armadong pwersa sa mga manggagawang-bukid sa Hacienda Escolastica, Barangay Mabini, Cadiz City, Negros Occidental noong Setyembre 30. Pitong magbubukid ang nasugatan sa insidente. Pinagsisira at ninakaw din ng mga gwardya ang mga tanim na mais ng mga magbubukid. Ginigipit sila dahil sa kanilang paglaban para sa karapatan sa lupa sa asyenda.

Panggigipit. Sinampahan ng mga pulis ng reklamong paglabag sa Batas Pambansa 880 o ang Public Assembly Act ang mga lider-masa ng Cebu na sina Nanay Bebe Allere ng Panaghupong-Kadamay, Jaime Paglinawan ng Bagong Alyansang Makabayan-Central Visayas, John Ruiz ng Bayan Muna, Howell Villacrucis ng AMA-SUGBO-KMU, at iba pa noong Setyembre 29. Ang reklamo ay kaugnay sa protesta kontra korapsyon sa Cebu City District Engineering Office ng Department of Public Works and Highways Region VII noong Setyembre 5.

Samantala, dumanas rin ng panggigipit at *Red-tagging* mula sa 503rd IBde si Beatrice "Betty" Belen noong Setyembre 28-29 nang puntahan siya sa Barangay Uma Del Norte, Lubuagan, Kalinga. Tumatayo siyang kasalukuyang tagapangulo ng Innabuyog-Kalinga at dating bilanggong pulitikal. AB

Muling pagpapaliban sa eleksyong BARMM, tinutulan ng mamamayang Moro

SA PANGATLONG PAGKAKATAON, ipinagpaliban ng Commission on Elections (Comelec) ang eleksyong parlamentaryo ng Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM) na nakatakda sanang idaos sa Oktubre 13. Ito ay matapos ideklara ng Korte Suprema na labag sa konstitusyon ang Bangsamoro Autonomous Act 77 (BAA 77 o Redistricting Bill), na nagtakdang ilipat ang pitong pwesto sa parlamento na orihinal na nakalaan para sa Sulu sa ibang distrito ng BARMM.

Inatasan ng korte ang Bangsamoro Transition Authority (BTA) na gumawa ng bagong hatian ng mga distrito at isumite ito sa korte sa Oktubre 30. Inilipat din nito ang pagdaraos ng eleksyon sa katapusan na ng Marso 2026. Nangahulugan ito ng pagkalustay sa ₱1.2 bilyong pondo na nagamit na ng Comelec sa paghahanda sa eleksyon.

Tinatanaw ng mamamayang Moro ang muling pagpapaliban bilang isa na namang kabiguan para ipatupad ang tunay na awtonomiya sa kanilang mga teritoryo. Bago pa inilabas ang desisyon, tinutulan na nila ang pagpapatigil ng Comelec sa paghahanda sa bisa ng *temporary restraining order* ng Korte Suprema laban sa BAA 77. Anila, hindi lamang tungkol sa pagboto ang eleksyon. Mas mahalaga, ito ay pagrespeto sa awtonomiya, paggalang sa mga kasunduan sa kapayapaan at pagpapatibay sa karapatan para sa pagpapasya-sa-sarili ng mamamayang Moro.

Kaso ni Duterte sa ICC, binabalot sa disimpormasyon

HINILING NG 21 organisasyon ng mga abugado at tagapagtanggol ng karapatang-tao sa International Criminal Court (ICC) noong Setyembre 29 na patawan ng aksyong pandisiplina ang abugado ni Rodrigo Duterte na si Nicolas Kaufman dahil sa paulit-ulit niyang pambabaluktot at pagkakalat ng maling impormasyon kaugnay sa kaso ni Duterte. Kabilang sa mga grupo ang Karapatan, Duterte Panagutin Network at Rise Up for Life and Rights.

Anila, binaluktot ni Kaufman ang aktwal na mga pangyayari at pahayag para malinlang ang korte. Isa rito ang ipinagkalat niya na sumang-ayon ang prosekusyon, at maging ang gubyerno ng Pilipinas, sa petisyon para sa *interim release* o pansamantalang paglaya ni Duterte. Pinabulaanan ito pareho ng prosekusyon at ng gubyerno ng Pilipinas.

Ilang linggo bago nito, isinapubliko ng ICC ang tatlong mahahalagang dokumento na sumusuporta sa kaso laban kay Duterte: ang Document Containing the Charges (DCC), isang listahan ng 181 ebidensya, at isang *pre-confirmation brief*, na may petsang Hulyo 4.

Laman ng DCC ang tatlong *counts* o bilang ng krimen laban sa sangkatauhan na iniharap sana kay Duterte kung natuloy ang kumpirmasyon ng kanyang kaso noong Setyembre 23. Bagamat kulang at limitado ang isinampang kaso, itinuturing na rin ng mga biktima ang DCC bilang "mahalagang hakbang tungo sa pananagutan."

Planong pagpasok ng GMO sa Negros, nilalabanan ng mamamayan

BINUO KAMAKAILAN NG mga Negrosanon ang GMO-Free Negros Coalition, isang asosasyon ng 82 indibidwal at organisasyon mula sa sektor ng magsasaka, *non-governmental organization*, taong simbahan, estudyante, akademiko, may-ari ng mga hotel at restawran at pribadong sektor para tutulan at labanan ang panukalang pagpasok ng mga tanim na GMO (*genetically-modified organism*) sa prubinsya.

Iginigiit nilang dapat sundin ang mga ordinansa na nagbabawal sa pagpasok, pagtanim, pagpapalaki, *pagtesting* at distribusyon ng buhay na GMO sa isla.

Noong 2023, nagpahayag ng interes ang San Miguel Corporation na mamuhunan sa prubinsya para sa pagawaan ng patuka at proyektong manukan. Upang matuloy ang proyekto, naghain ng panukalang ordinansa noong Agosto 26 ang lokal na pamahalaan upang mapahintulutan ang pagtatanim ng mga korporasyon ng GMO na mais.

Noong Setyembre 30, nagbigay ng apat na *position paper* ang koalisyon sa sangguniang panglalawigan upang hamunin ang panukalang ordinansa. Naglunsad din ng pagkilos ang mga kabataang estudyante mula sa iba't ibang konseho, organisasyon at publikasyon noong Setyembre 18 sa Bacolod City upang ipahayag ang kanilang pagtutol.

Nagpahayag din ng mariing pagtutol dito ang National Democratic Front-Negros. Anito, mas lalong malulugmok ang mga magsasaka sa kahirapan kung hahayaang pumasok ang GMO sa prubinsya dahil mapipilitan silang umasa sa mga imported na butil ng GMO at mga input na kontrolado ng dayuhang korporasyon. Mapanganib din sa kalusugan ang GMO dahil sa epekto nito sa katawan tulad ng *allergy*, *antibiotic resistance*, *cancer* at pangmatagalang pagkasira ng *internal organ* ng tao.

JMS Legacy Museum, pinasinayaan sa The Netherlands

PORMAL NANG BINUKSAN ang Jose Maria Sison (JMS) Legacy Museum sa Utrecht, The Netherlands noong Setyembre 19. Ang pagpapasinaya ay pinangunahan ni Ka Julie de Lima, byuda at kapwa-rebolusyonaryo ni Ka Joma, kasama ang mga kaibigan, mga tagasuporta at lokal na upisyal ng syudad.

Ang JMS Legacy Museum ay isang espasyo na magtatampok sa buhay at mga pamana ni Ka Joma. Pinangangasiwaan ito ng JMS Legacy Foundation, na umaasang makapagbibigay inspirasyon ang museo sa mga susunod na henerasyon.

Masusulyapan sa museo ang buhay ni Ka Joma bilang isang matapat na rebolusyonaryo, tunay na internasyunalista, iginagalang na intelektwal, at kilalang makata. Makikita rito ang ilang mga bidyo ng huling panayam ni Ka Joma, kanyang mga larawan, dokumento at iba pa. Bukas ang museo para sa mga nais pumunta at bumisita.

Marcos, numero unong peste sa mga magbubukid

TUWING OKTUBRE, ginugunita ng bayan ang buwan ng mga magbubukid. Ngayong taon, doble kayod ang rehimeng Marcos sa pagpapapogi, matapos ang lampas tatlong taon ng mga palpak at pahirap na mga programa sa agrikultura. Itinuturing siya ng mga magsasaka bilang numero unong peste, higit pa sa mga sakunang humambalos sa kanilang sakahan, na nagpapahirap sa kanilang kabuhayan.

Sa sunud-sunod na pananalasa ng mga bagyo noong Setyembre, inilagay ng gubyerno ang pinsala sa agrikultura sa konserbatibong ₱2.3 bilyon. Pinakaapektado nito ang mga palayan. Kaugnay nito, nagpakana si Marcos ng "emergency palay procurement" para umano ayudahan ang mga magsasaka ng palay.

Ayon sa mga magbubukid, huling-huli na ang programa ni Marcos dahil nagdurusa na ang mga magbubukid ngayong panahon ng anihan. Sa bayan ng Guimba sa Nueva Ecija, 80% ng palay ang naani na at ibinenta sa napakababang halaga. Sa tala ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, sumadsad hanggang ₱7 kada kilo ang bilihan sa basang palay habang nasa ₱13-₱14 kada kilo ang presyo ng ibinalad na palay sa iba't ibang bahagi ng bansa.

"Lalo kaming naghihirap. Hindi na kami makaahon, sinagad na hanggang leeg. Mas mahirap pa ang kalagayan namin kaysa sa kalabaw na nakalublob," pahayag ng isang magbubukid sa Guimba.

Habang lubog sa baha at kumunoy ng kahirapan, sampal sa mga magbubukid ang nalantad na malawakang korapsyon ng mga burukratang kapitalista sa pondo ng bayan, partikular na sa mga proyektong *flood control* at imprastruktura. Maraming lugar sa kanayunan ang labis na nagdurusa dala ng hindi pinag-isipan at maaanomalyang mga proyekto.

Ang kahirapang ito ay pinatindi pa ng Rice Liberalization Law at malaganap na kawalang-lupa ng magbubukid. Sa huling konserbatibong taya ng estado, nasa 72% sakahan ang hindi buong pinagaarian ng mga magbubukid. Pinalala ito ng New Agrarian Emancipation Act at Support to Parcelization of Lands for Individual Titling na bagong pagpapakete lamang sa bulok na Comprehensive Agrarian Reform Program.

Laganap ang pagpapalayas at pangangamkam para sa pagpapalit-gamit sa lupa sa balangkas ng Build-Better-More (BBM), pagmimina, mga proyekto para sa *renewable* o *green energy*, at iba pa. Palulubhain pa lahat ito ng kamakailang isinabatas na 99-year Foreign Land Lease.

Pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa Eastern Visayas

Ikalawa ang Eastern Visayas sa may pinakamaliit na bilang ng mga magsasakang may sariling lupa, at ikaapat sa may pinakamaraming walang sariling lupa. Tanda ito ng patuloy na pyudal at malapyudal na pagsasamantalang dinaranas ng mga magbubukid dito.



Sa rehiyon, tinatayang 17.6% lamang ng mahigit 1.89 milyong magsasaka o 209,240 ang maituturing na may "sariling lupa", samantalang 82.4% o 980,000 ang walang sariling lupa na maaari pang lumobo kung idadagdag ang 84,825 may "sariling lupa" ngunit nasa kategoryang "owner-like possession" o may mga inuukupahang lupa ngunit walang sariling titulo at bulnerableng mapalayas sa lupang sinasaka. Samantala, 5,835 ektarya ng mga sakahan sa rehiyon ang pagmamay-ari lamang ng 97 na korporasyon.

Nasa 67% ng mga sakahan sa rehiyon ay nakalaan pangunahin sa *cash crop* o produktong pang-eksport para sa dayuhang merkado. Ang rehiyon ay ika-anim sa nangungunang prodyuser ng niyog at ikalawa naman sa abaka. Umaabot naman sa 23.6% ng kabuuang lawak ng mga sakahan sa rehiyon ang tinataniman ng palay. Pangunahing nakaasa pa rin sa tubig-ulan ang mga palayan. Noong 2014-2024, nasa 1,023 ektarya lamang na taniman ng palay ang dagdag na nakinabang sa serbisyong patubig.

Kalakhan sa mga sakahan ay nakaasa pa rin sa kalabaw, paghahampas ng mga ani at manu-manong pagbabayo ng palay. May mahigit 4,000 barangay sa rehiyon, subalit 129 lamang ang traktora, 2,586 lamang ang *harvester tresher*, at 1,199 na gilingan ng palay. Iilang panginoong maylupa lamang ang may kontrol sa iba pang mahahalagang kagamitan sa produksyon.

Sa mga palayan, koprasan at abakahan, laganap ang mga kaayusang 75-25 at 50-50 sa upa sa lupa. Nariyan din ang kaayusang "tinulo" na sa aktwal ay 75-25 rin. Sa aktwal, malayong mas mababa pa ang kinikita ng mga magsasaka dahil binabalikat nila ang halos lahat ng gastos sa produksyon.

Matindi rin ang usura sa rehiyon. May 3,175 na bilang ng nagpapautang kung saan 73% nito ay mga indibidwal na nagpapautang. Sinasamantala rin ng mga institusyong *microfinancing* ang sitwasyon ng mga magbubukid. Sa isang pag-aaral, umaabot ng 144%-163% ang tubo nito sa loob ng anim na buwan o 24%-27% bawat buwan.

Mayroon ding kaayusang "cash to palay" na pagpapautang na karaniwan sa mga lugar na may malalawak na palayan. Sa kaayusang ito, bawat ₱1,000 na pinapautang bago ang anihan ay dapat bayaran ng dalawang sakong palay kapag nakapag-ani na. Lalabas na ₱10 bawat kilo ang pagbili sa palay kahit na ₱15 na ang karaniwang bilihan nito sa merkado.

Umiiral din ang sistemang prenda o sangla, na nagiging paraan din ng pangangamkam ng lupa. Isa pang halimbawa ng usura sa rehiyon ay ang pagsasangla ng ATM ng mga guro o kaya ay *honorarium* ng mga upisyal at empleyado ng barangay. Sa isang pag-aaral, nasa 6-9% ang nakukuhang tubo ng usurero bawat buwan batay sa kung anong kwarter ng *honorarium* ang isasangla.

Umiiral rin ang barat na pasahod kung saan pinakamataas na ang ₱350 na bayad sa mga panday, paghahawan ng palayan at niyugan. Sa pagkokopra, nasa ₱5 bawat puno ang sahod sa pag-aakyat ng bunga, ₱15 bawat 100 piraso sa paghahakot ng niyog, at ₱30-₱35 bawat 100 piraso sa pagbubunot. Sa ibang lugar, kada sako ang bayad sa paghahakot na umaabot sa ₱3 bawat kilo sa mahigit dalawang kilometrong paghakot ng produkto.

Sa pag-aani ng palay, laganap ang kaayusang "winalo" habang may ilan namang "inupat". Sa kaayusang ito, sa bawat walo o apat na ganta o sako ng naaning palay, pito o tatlo ay mapupunta sa may-ari ng lupa at isa lamang ang sa nag-ani.

Laganap din ang pandaraya sa bentahan ng produkto sa pamamagitan ng pandaraya sa timbang. Sa niyog, mataas ang itinatakdang tantos ng kaltas dahil sa resiko o *moisture content*. Sa isang pag-aaral, umabot ng 56 na kilo ang kinakaltas sa 600 kilo ng kopra dahil sa pagkwenta sa resika. Kaya sa presyong ₱20 bawat kilo, nasa ₱1,120 ang nakukuha ng panginoong maylupa-komersyante, kada 100 kilo ng kopra.

Sa harap ng patung-patong na suliranin ng mga magsasaka sa Eastern Visayas at sa buong bansa, wala silang ibang direksyon kundi ang kolektibong kumilos para puksain ang pesteng rehimeng Marcos, at bunutin ang pyudal at malapyudal na pagsasamantalang kanilang dinaranas araw-araw. AB

SA MADALING SALITA



KA CLEO DEL MUNDO

bagong tagapagsalita ng BHB-ST (Melito Glor Command), tagapagmana ng tungkulin nina Ka Roger, Ka Bart, Ka Diego at Ka Armando Cienfuego.



Espesyal na Ulat

MAS MATINDING PANGHIHIMASOK MILITAR NG US, MAS MASAHOL NA PANGANGAYUPAPA NG REHIMENG MARCOS



$337.7 TRILYON

pandaigdigang utang noong pangalawang kwarto ng 2025, $21 trilyong mas malaki kumpara sa unang kwarto ng taon. Pinakamataas ang dagdag-utang ng US, China, France, Germany, Britain at Japan.

₱1.64 bilyon

inirelis ni Marcos na **bonus** para sa pasistang mga tauhan ng AFP noong katapusan ng Setyembre, upang kontrahin ang muling umugong na pakanang destabilisasyon ng kampong Duterte.

165,000

ang kulang na klasrum, 150,000 guro, 144,000 suportang kawani, milyong libro, at iba pang kagamitang panturo.

HK$110

o ₱803 lamang ang idinagdag sa sahod ng mga *domestic helper* sa **Hong Kong**, malayo sa ipinaglalaban nilang HK$1,072 (₱7,825.60) para maabot ang minimum na nakabubuhay na sahod sa syudad.



70+

namatay sa lindol na **may lakas na 6.9** sa Northern Cebu noong Setyembre 30. Libu-libong residente ang kasalukuyang nagdurusa dahil sa kupad at bagal ng pagsaklolo ng gubyerno.



₱145 bilyon

halaga ng pang-agrikulturang produksyon ng **Bukidnon**, pinakamataas sa buong bansa noong 2024. Sa kabila nito, ang prubinsya ang may pinakamaraming naghihirap na pamilya sa Region 10. Ang malaking pagkakaiba ay dulot ng konsentrasyon ng lupa sa mga komersyal na plantasyon, habang laganap ang kawalan lupa ng mga magsasaka.

Ipagbunyi ang ikalawang taong anibersaryo ng Al Aqsa Flood! Kalayaan para sa Palestine!

Sa darating na Oktubre 7, gugunitain ng mundo ang ikalawang taong anibersaryo ng makasaysayang Al Aqsa Flood, ang armadong opensiba mula sa lupa, dagat at himpapawid ng mga pwersang Palestino, na pinamunuan ng Hamas at ng Izz ad-Din al-Qassam Brigades, laban sa mananakop na Israel.

Pinasiklab ng opensiba ang hangarin ng mamamayang Palestino para wakasan ang 75-taong gerang agresyon ng Israel. Suportado ng US ang okupasyon sa mga teritoryong Palestino, kabilang ang nagpapatuloy na pagkubkob sa Gaza, at mga pag-atake sa mga komunidad sa West Bank.

Sa sumunod na dalawang taon, walang puknat na binomba ng Zionistang Israel, sa tulong ng imperyalismong US at mga alyadong bansa sa Europa, ang sibilyang populasyon ng Gaza. Dinurog nito ang mga ospital, simbahan, paaralan, *apartment*, gusali at maging mga *evacuation center*.

Umabot sa mahigit 66,500 Palestino ang pinaslang, 18,500 ay mga bata. Namatay naman ang 453 dahil sa malnutrisyon at gutom. Nasa 254 na mga mamamahayag ang pinaslang. Noong Marso, tuluyan nang hinarang ng Israel ang pagpasok ng ayuda sa syudad, habang ginamit ng sundalong Israeli at mga mersernaryong Amerikano ang pamamahagi nito upang patayin ang mga Palestino. Noong Setyembre, bagamat lubhang nahuhuli, idineklara ng United Nations Commission of Inquiry ang ginagawa ng Israeli sa Gaza bilang henosidyo.

Palayain ang Palestine!

Saksi ang mamamayan sa buong mundo sa kawastuhan ng armadong pakikibaka ng mga Palestino upang lumaya mula sa okupasyon at henosidyo ng Zionistang Israel. Nagbuklod ang mga mamamayan para ipakita ang kanilang galit sa henosidyo, habang itinutulak ang kani-kanilang gubyerno na tumindig para sa mga Palestino. Libu-libong pagkilos na may iba't ibang porma, sa iba't ibang panig ng mundo, at nilalahukan ng milyun-milyong mamamayan ang walang upat na inilunsad. Nagsama-sama ang mga bansa mula sa Africa, Asia at Latin America upang maglunsad ng kampanyang ligal laban sa okupasyon, para panagutin ito sa mga krimen sa digma.



Noong Nobyembre 2024 naglabas ang International Criminal Court ng mandamyento de aresto laban kay Prime Minister Benjamin Netanyahu ng Israel at kay Yoav Gallant, dating ministro ng depensa para sa kasong krimen sa digma at krimen laban sa sangkatauhan. Sa darating na Nobyembre, idaraos ang International People's Tribunal para sa Palestine ng International League of Peoples' Struggle at International Association of Democratic Lawyers upang isadokumento at hatulan ang mga krimen sa digma, henosidyo, *ecocide* at malawakang paggutom ng Israel at ng US laban sa mga Palestino.

Noong Agosto, naglayag ang tinaguriang Global Sumud Flotilla, na binubuo ng 44 barko na may lulan na higit 400 katao, upang maghatid ng serbisyo at ayuda sa Gaza. Bagamat naharang ng Israel Defense Forces (IDF) ang mga barko noong Oktubre 2, nanindigan ang mga kalahok nito na hindi sila titigil sa pagbasag sa pag-atake ng Israel sa Gaza.

Maging ang mga mamamayan ng Israel ay lumalaban at tumututol sa mga hakbangin ng sarili nilang gubyerno. Maraming kabataang Israeli ang pinipiling magpakulong sa halip na pumaloob sa IDF.

Sa Pilipinas, patuloy na kumikilos ang mga organisasyon upang magbigay ng suporta at pakikiisa sa laban ng mga Palestino, tulad ng Youth for Palestine at Palestine-Philippines Friendship Association. Naglunsad din ng kampanya para pigilan ang rehimeng US-Marcos sa pagbili ng armas sa Israel. Maging sa ibang bansa, naging bahagi ang mga Pilipinong migrante sa mga pagkilos para sa pagpapalaya ng Palestine.

Sa kasalukuyan, nasa proseso ng negosasyon ang Hamas, ang Israel at US, batay sa binuong programa para sa usapang pangkapayapaan para sa Gaza ni Donald Trump, presidente ng US, na walang pagsaalang-alang sa mismong mamamayan nito.

Sa kabila ng paglipol na nararanasan ng mga Palestino, patuloy pa rin ang kanilang paglaban sa pamamagitan ng armado at hindi armadong pakikibaka. Ayon kay Leila Khaled, myembro ng Popular Front for the Liberation of Palestine, tiyak na darating din ang paglaya ng mga Palestino dahil kasama nila ngayon ang mamamayan ng mundo na patuloy na lumalaban hanggang tunay nilang makamit ang kalayaan mula sa henosidyo at okupasyon. AB